



Los Angeles County RENT RELIEF PROGRAM



Gabay sa Programa at Aplikasyon

Nirebisa: 13/05/24

Pinangangasiwaan ng The Center by Lendistry ang mga grant program sa ngalan ng (mga) third-party at hindi tinutukoy ang saklaw ng programa, pamantayan sa pagiging kwalipikado, paraan sa komunikasyon, o mga timeline. Ang mga naturang detalye ay isinasaayos ng (mga) third-party na nag-aalok ng mga grant program. Ang lahat ng impormasyon sa anumang materyal na reperensiya na ibinigay ay maaaring magbago.

Pangkalahatang-ideya ng Programa

Ang Los Angeles County, sa pamamagitan ng Department of Consumer and Business Affairs (DCBA) nito, ay magbibigay ng \$68,666,000 na grant sa mga kwalipikadong landlord na may mga ari-arian na matatagpuan sa loob ng LA County sa pamamagitan ng **Los Angeles County Rent Relief Program**.

Magbibigay ang programang ito ng direktang pinansiyal na tulong sa mga landlord para matulungan silang maibsan ang masasamang epekto sa ekonomiya na dulot ng COVID-19 na pandemya, na nagresulta sa kawalan ng kakayahan ng mga nangungupahan na magbayad ng kanilang upa sa takdang panahon.

Maaaring gamitin ang mga grant para mabayaran ang mga kwalipikadong gastusin na natamo mula Abril 1, 2022, hanggang sa kasalukuyan nang tuloy-tuloy. Kabilang sa mga kwalipikadong gastusin ang kwalipikadong hindi nabayarang utang sa pagrenta at anumang iba pang napatunayang nauugnay na mga gastusin, tulad ng mga utility.

Bagama't maaaring mag-apply ang sinumang kwalipikadong landlord, ang mga makakatugon sa ilang partikular na pamantayan tulad ng nakabalangkas sa ibaba ay bibigyan ng priyoridad.

Dapat matugunan ng mga napiling aplikante para sa award ang **lahat** ng sumusunod na pamantayan sa pagiging kwalipikado:

- a. Ang pinauupahang ari-arian ay nasa loob ng County ng Los Angeles, maliban sa Lungsod ng Los Angeles.
- b. Maaaring magbigay ang mga landlord ng totoong katibayan ng pagmamay-ari, na independiyenteng na-verify gamit ang mga mapagkukunan ng third-party.
- c. Maaaring i-validate ang impormasyon ng W9 sa mga rekord ng IRS.
- d. Ang katibayan ng isang ugnayan sa pagrenta ay kinumpirma gamit ang katibayan ng isang kasunduan sa pagrenta.
- e. Ang (mga) apektadong unit ay kasalukuyang inookupahan ng (mga) napektuhang nangungupahan at ito ay nabe-verify.

- f. Ang mga hulihan (sa bayarin) sa pagrenta ay kinumpirma na naganap noong Abril 2022 at pagkatapos nito at hindi kasama ang anumang buwan kung saan natanggap ang mga pera sa pamamagitan ng mga sumusunod na mortgage relief program.
 - i. Stay Housed LA
 - ii. Mga Suporta at Serbisyo sa Pagrenta ng Bahay ng DCBA
 - iii. Mortgage Relief Program ng L.A. County
- g. Ang mga kwalipikadong gastusin ay sinusupportahan ng nabe-verify na dokumentasyon.

Pakitandaan: Hindi makakaapekto ang katayuan sa imigrasyon ng isang Aplikante sa pagiging kwalipikado ng Aplikante para sa Programa, at hindi rin ito magiging salik sa pagtukoy ng anumang naaprubahang pinal na halaga ng grant award ng Aplikante.

Makikilala ang mga awardee mula sa mga nabe-verify na pangkat ng priyoridad gamit ang kombinasyon ng mga sumusunod na pamantayan sa pagbibigay ng priyoridad:

- a. Mga landlord na ang kita ng sambahayan o mga nangungupahan na ang kita ng sambahayan ay hindi lalampas sa 80 porsiyento ng Area Median Income (AMI) para sa Los Angeles Metropolitan Area.
- b. Mga landlord na may mga ari-arian na nasa loob ng mga census tract na tinukoy sa [COVID-19 Vulnerability and Recovery Index](#) ng County bilang “pinakamataas” o “mataas” na pangangailangan.
- c. Mga landlord na kayang lubusang tugunan ang lahat ng naging utang sa renta sa pamamagitan ng pagtanggap ng tulong pinansiyal, ibig sabihin, ang mga nangungupahan ay may utang na mas mababa sa maximum na award para sa bawat unit na kasalukuyang tinukoy bilang \$30,000 bawat unit. Pinatutunayan ng mga landlord ang kanilang pagkansela sa pagkakautang sa pagrenta.
- d. Mga landlord na nagmamay-ari ng hindi hihigit sa isang pinaupahang ari-arian na may apat o mas kaunting mauupahang unit.

Pagkatapos isumite ang isang nakumpletong aplikasyon, makikilala ang mga aplikante sa Mga Pangkat ng Priyoridad gaya ng tinukoy ng Programa. Pagkatapos magbukas ng portal, ang Pangkat 1 ay bibigyan ng pangunahing priyoridad para sa pagsusuri. Kapag nasuri na ang lahat ng aplikasyon sa Pangkat 1, magsisimula ang pagsusuri sa mga aplikasyon ng Pangkat 2. Kung nasuri na ang lahat ng aplikante sa Pangkat 2, susuriin ng programa ang mga aplikasyon sa mga susunod na grupo. Maaari itong magbago alinsunod sa tagubilin ng Los Angeles County anumang oras.

Ipinagpatuloy sa susunod na pahina.



Los Angeles County RENT RELIEF PROGRAM



Kinakailangang Dokumentasyon

1. Katibayan ng pagkakakilanlan; at
2. Katibayan ng kita; at
3. Katibayan ng pagmamay-ari; at
4. Katibayan ng pangungupahan ng unit na inaplayan; at
5. Katibayan ng utang sa renta; at
6. Katibayan ng hindi pa nababayaranang mga kwalipikadong gastusin.

Para mapabilang sa rent o utility relief sa ilalim ng Programa, dapat na isumite ang mga sumusunod na dokumento kasama ng aplikasyon (hindi kumpleto ang listahan ng dokumentasyong ito, at maaaring hilingin ang karagdagang dokumentasyon anumang oras sa panahon ng proseso ng pagsusuri sa pagiging kwalipikado sa pagpapasiya ng DCBA ng Los Angeles County upang matiyak ang pagsunod sa Mga Alituntunin ng Programa).

1. Isang porma ng katibayan ng pagkakakilanlan, tulad ng:

- a. Photo ID na inisyu ng pamahalaan: Maaaring ito ay isang valid na lisensya sa pagmamaneho, ID card ng estado, pasaporte (kabilang ang internasyonal), o ID ng militar; o
- b. Sertipiko ng kapanganakan: Isang sertipikadong kopya ng sertipiko ng kapanganakan ng aplikante; o
- c. Card ng Social Security: Ang orihinal o isang sertipikadong kopya ng kanilang card ng Social Security ng aplikante; o
- d. Green Card o Dokumentasyon ng Katayuan sa Imigrasyon: Para sa mga hindi mamamayan ng U.S., mga dokumentong nagbe-verify ng kanilang katayuan sa imigrasyon, tulad ng Permanent Resident Card (Green Card) o work visa; o
- e. Sertipiko ng Naturalisasyon: Para sa mga naturalisadong mamamayan, isang kopya ng sertipiko ng naturalisasyon; o
- f. Sertipiko ng Pagkamamamayan: Para sa mga indibidwal na nakakuha ng pagkamamamayan ng U.S. sa pamamagitan ng iba pang paraan, gaya ng sa pamamagitan ng mga magulang, isang kopya ng Sertipiko ng Pagkamamamayan; o
- g. Tribal Identification Card: Para sa mga miyembro ng kinikilalang tribo ng Katutubong Amerikano, isang valid na ID card ng tribo; o
- h. Consular Identification Card: Para sa mga dayuhan, isang consular ID card na inisyu ng embahada o konsulado ng kanilang sariling bansa; o
- i. Voter Registration Card: Sa ilang kaso, maaari ding gamitin ang valid na voter registration card bilang isang dokumento ng pagkakakilanlan; o
- j. Public Assistance Card: Ang ilang estado ay nag-iisyu ng mga public assistance card na maaaring magamit bilang katibayan ng pagkakakilanlan para sa mga programa ng pamahalaan; o
- k. ID ng Paaralan o Kolehiyo: Kung ang aplikante ay isang mag-aaral, maaaring tanggapin ang isang kasalukuyang ID card ng paaralan o kolehiyo; o
- l. Mga Utility Bill: Ang mga kamakailang utility bill (hal., kuryente, tubig, gas) na may pangalan at address ng aplikante ay maaaring makatulong sa pag-verify ng pagkakakilanlan; o
- m. Mga Bank Statement: Ang mga kamakailang bank statement na may pangalan at address ng aplikante ay maaari ding magsilbing katibayan ng pagkakakilanlan; o
- n. Rehistro ng Sasakyan: Para sa mga may-ari ng sasakyan, isang kopya ng rehistro ng sasakyan na may pangalan at address ng aplikante; o
- o. ID ng Pagtatrabaho: Isang kasalukuyang ID card ng empleyado na inisyu ng employer ng aplikante; o
- p. Liham mula sa isang Ahensiya ng Pamahalaan: Isang liham mula sa isang ahensiya ng pamahalaan na nagpapatunay sa pagkakakilanlan ng aplikante; o
- q. Maaaring payagan ang iba pang dokumento batay sa iba't ibang kaso.

Ipinagpatuloy sa susunod na pahina.

2. Isang porma ng katibayan ng kita, tulad ng:

- a. Mga Pederal na Tax Return: Mga kopya ng pinakamakailang mga pederal na tax return (2021 hanggang kasalukuyan), kasama ang lahat ng mga iskedyul at attachment; o
- b. Mga W-2 Form: Mga kopya ng W-2 form para sa bawat employer mula sa nakaraang taon; o
- c. Mga Pay Stub: Mga kamakailang pay stub na sumasaklaw sa nakaraang ilang buwan para ipakita ang tuloy-tuloy na kita; o
- d. Liham sa Pag-verify ng Employment: Isang liham mula sa employer na nagsasaad ng posisyon, suweldo, at panahon ng pagtatrabaho ng aplikante; o
- e. Pahayag ng Mga Benepisyong sa Social Security: Isang pahayag na nagpapakita ng halaga ng mga benepisyong sa Social Security na natanggap; o
- f. Kita sa Pensiyon o Pagreretiro: Dokumentasyon ng kita sa pensiyon o pagreretiro, tulad ng pahayag ng mga benepisyong; o
- g. Mga Benepisyong sa Kawalan ng Trabaho: Dokumentasyon ng mga benepisyong sa kawalan ng trabaho na natanggap, kung naaangkop; o
- h. Kita sa Kapansanan: Katibayan ng kita sa kapansanan, tulad ng mga pahayag ng benepisyong; o
- i. Sustento o Mga Kabayaran sa Pagsuporta sa Bata: Mga dokumento ng korte o nasusulat na kasunduan na nagpapakita ng sustento o mga kabayaran sa pagsuporta sa bata na natanggap; o
- j. Kita sa Pagpaparenta: Dokumentasyon ng kita sa pagpaparenta na natanggap mula sa mga ari-arian na pag-aari; o
- h. Mga Interes at Dibidendo: Mga statement mula sa mga bangko o institusyong pinansyal na nagpapakita ng kita ng interes at dibidendo; o
- i. Mga Bank Statement: Mga kopya ng kamakailang bank statement na nagpapakita ng mga regular na deposito at balanse ng account; o
- j. Mga Savings Bond: Katibayan ng interes na nakuha mula sa mga savings bond; o
- k. Mga Benepisyong ng Beterano: Dokumentasyon ng mga benepisyong natanggap ng mga beterano; o
- l. Pampublikong Tulong o TANF: Katibayan ng anumang pampublikong tulong o Temporary Assistance for Needy Families (TANF) na natanggap; o
- m. Kabayaran sa Manggagawa: Dokumentasyon ng mga benepisyong kabayaran sa manggagawa; o
- n. Mga Annuity Statement: Mga pahayag na nagpapakita ng kita mula sa mga annuity; o
- o. Mga Stock o Bond: Dokumentasyon ng kita mula sa mga stock o bond; o
- p. Trust Income: Katibayan ng kita mula sa mga trust; o
- q. Iba pang Tulong ng Pamahalaan: Dokumentasyon ng anumang iba pang tulong ng pamahalaan na natanggap; o
- r. Kita sa Sariling Pagtatrabaho: Kung self-employed, mga kopya ng tax return at mga pahayag ng kita/pagkalugi; o
- s. Liham ng Paliwanag: Isang liham na nagpapaliwanag ng anumang mga espesyal na pangyayari na nakakaapekto sa kita; o
- t. Maaaring payagan ang iba pang dokumento batay sa iba't ibang kaso.

Ipinagpatuloy sa susunod na pahina.

3. Isang porma ng katibayan ng pagmamay-ari, tulad ng:

- a. Kasulatan (Deed): Isang kopya ng kasulatan ng ari-arian na nagpapakita ng pangalan ng aplikante bilang may-ari; o
- b. Patakaran sa Insurance ng Titulo: Isang kopya ng patakaran sa insurance ng titulo na nagkukumpirma ng pagmamay-ari at anumang balakid sa ari-arian; o
- c. Pahayag ng Buwis sa Ari-arian: Isang kasalukuyang pahayag ng buwis sa ari-arian o resibo na nagpapahiwatig ng pagmamay-ari; o
- d. Pahayag ng Mortgage: Isang kamakailang pahayag ng mortgage na nagpapakita sa aplikante bilang nangungutang; o
- e. Patakaran sa Insurance ng May-ari ng Bahay: Isang kopya ng kasalukuyang patakaran sa insurance ng may-ari ng bahay para sa ari-arian; o
- f. Pagtatasa ng Ari-arian: Isang kamakailang ulat sa pagtatasa ng ari-arian na kinabibilangan ng pangalan ng aplikante bilang may-ari; o
- g. Abiso sa Pagtatasa ng Ari-arian: Isang kopya ng abiso sa pagtatasa ng ari-arian mula sa tanggapan ng lokal na tagatantya ng buwis; o
- h. Pahayag ng Home Equity Line of Credit (HELOC): Kung naaangkop, isang pahayag mula sa home equity line of credit account; o
- i. Kasunduan sa Pagbili ng Bahay: Isang kopya ng kasunduan na ginamit sa pagbili ng ari-arian; o
- j. Settlement Statement (HUD-1): Ang HUD-1 settlement statement na ginamit sa pagbili ng ari-arian; o
- k. Quitclaim Deed: Kung ang pagmamay-ari ng ari-arian ay inilipat sa pamamagitan ng isang quitclaim deed, isang kopya ng kasulatan; o

- l. Survey ng Ari-arian: Isang kamakailang ulat ng survey ng ari-arian; o
- m. Warranty Deed: Kung ang pagmamay-ari ng ari-arian ay inilipat sa pamamagitan ng isang warranty deed, isang kopya ng kasulatan; o
- n. Mga Utility Bill: Kamakailang mga utility bill na naka-address sa aplikante para sa address ng ari-arian; o
- o. Maaaring payagan ang iba pang dokumento batay sa iba't ibang kaso.

Ipinagpatuloy sa susunod na pahina.

4. Isang porma ng katibayan ng pangungupahan ng unit na inaplayan, gaya ng:

- a. Kasalukuyang nilagdaang kasunduan sa pagpapaupa; o
- b. Iba pang nasusulat na kasunduan; o
- c. Mga kopya ng mga nakanselang tseke o bank statement na nagpapakita ng mga pagbabayad sa pagrenta sa landlord; o
- d. Maaaring payagan ang iba pang dokumento batay sa iba't ibang kaso.

5. Isang porma ng katibayan ng utang sa renta, gaya ng:

- a. Kasalukuyang ledger ng renta na nagdodokumento sa mga hulihan (sa bayarin) ng nangungupahan (sa bawat buwan, kasama ang anumang tulong sa pagrenta na direktang binayaran sa landlord, kung mayroon man)
- b. Kasalukuyang pahayag/liham ng itinakdang bayad sa renta mula sa landlord o kompanyang namamahala
- c. Mga paunang abiso sa pagpapaalis, kabilang ang 15 araw, 3 araw, o iba pang abiso sa pagbabayad (kailangang kasama ang halaga ng hindi pa nababayaranang renta); o
- d. Maaaring payagan ang iba pang dokumento batay sa iba't ibang kaso.

6. Isang porma ng katibayan ng hindi pa nababayaranang mga kwalipikadong gastusin, gaya ng:


- a. Kasalukuyang (mga) utility bill na nagdodokumento ng balanseng lumampas sa takdang panahon na dapat bayaran para sa gas, kuryente, tubig, at/o pagtatapon ng basura mula sa mga kompanya kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, Southern California Edison, Southern California Gas Company, WM, Consolidated Disposal Service, Allied Waste Services;
- b. Mga serbisyo sa landscaping;
- c. Anumang naaangkop na mga bayarin na ipinasa sa nangungupahan bilang bahagi ng kanilang kasunduan sa pag-upa at mga pagbabayad sa renta;
- d. Mga gastusin sa pagpapanatili/pagmamantini para sa mga amenidad na kasama sa pag-upa at kasama sa renta para sa unit; at
- e. Anumang mga huling bayarin na natamo bilang resulta ng kawalan ng kakayahan ng landlord na magbayad para sa alinman sa mga pinahihintulutang gastos sa utility at pagpapanatili/pagmamantini na nakabalangkas sa itaas.




Los Angeles County RENT RELIEF PROGRAM



Paano Simulan ang Isang Aplikasyon




1 Pumunta sa www.lacountyrentrelief.com at i-click ang **MAG-APPLY NGAYON**. Dadalhin ka nito sa portal ng aplikasyon.




2 Kakailanganin mong magrehistro ng account para ma-access ang portal ng aplikasyon.

1. Piliin ang tab na **MAGREHISTRO**.
2. Ilagay ang iyong email address at i-click ang **MAGPADALA NG VERIFICATION CODE**.




3

May ipapadalang code sa iyong email para i-verify ito. (Mahalagang Paalaala: ang code na nakalista sa itaas ay para sa mga layunin ng demonstrasyon lamang. Makakatanggap ka ng iyong sariling natatanging code.)



4

Kopyahin ang verification code mula sa iyong email at ilagay ito.



Los Angeles County
RENT RELIEF PROGRAM

Welcome to the Los Angeles County Rent Relief Participant Portal.

New users must first register their account before signing into the portal.

Sign In Register

E-mail address verified. You can now continue.

testemail@lacountyrentrelief.com

First Name

Last Name

New Password


Confirm New Password

Create

[Video Tutorial : Register](#)
Data Privacy

5

Ilagay ang iyong pangalan at apelyido, at pagkatapos ay gumawa ng password para sa iyong account. Dapat na hindi bababa sa 12 character ang haba ng mga password, mayroong malaki at maliit na letra, numero at espesyal na character.



Los Angeles County
RENT RELIEF PROGRAM

Welcome to the Los Angeles County Rent Relief Participant Portal.

New users must first register their account before signing into the portal.

Sign In Register

Email Address

Password


Sign in

[Forgot your password?](#)

[Video Tutorial: Reset Password](#)
Data Privacy


6

Pagkatapos mong gumawa ng password, dadalhin ka nito sa portal para mag-sign in.




7

Basahin ang **KASUNDUAN SA LISENSYA NG END USER** at **PATAKARAN SA PRIVACY**. Lagyan ng tsek ang parehong mga kahon para sumang-ayon sa mga dokumento. I-click ang **TANGGAPIN AT SUMANG-AYON** para magpatuloy.




8

MGA LANDLORD: I-click ang **SIMULAN ANG APLIKASYON** para simulan ang proseso ng aplikasyon. Huwag magsusumite ng maraming aplikasyon dahil maaaring magresulta ito sa pagkaantala ng pagsusuri ng iyong aplikasyon o diskwalipikasyon.



- 9** Ilagay ang iyong pangalan at apelyido sa sumusunod na format: *Pangalan, Apelyido*. I-click ang **SIMULAN ANG APLIKASYON** para magpatuloy.



- 10** Para simulan ang iyong aplikasyon, i-click ang **MAG-CLICK DITO PARA MAGPATULOY**. Dadalhin ka nito sa unang seksiyon ng aplikasyon na tinatawag na **PANGKALAHATANG-IDEYA NG APLIKASYON**.

I-preview ang aplikasyon sa [mga pahina 16-18](#).



Los Angeles County RENT RELIEF PROGRAM



Ang Proseso ng Aplikasyon

Pagpapatunay ng Aplikante

Ang pagpapatunay ng aplikante ay magiging isang deklarasyon na isinagawa sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling. Ang mga sumusunod na pagpapatunay ay isasama sa aplikasyon at isang kondisyon ng pagtanggap ng award:

- Legal na may-ari ng apat o mas kaunting unit (para sa pag-prioritize ng aplikasyon)
- Natutugunan ng award ang hindi nabayaranang renta.
- Nakatanggap ng naunang tulong sa pagrenta o mortgage mula sa Stay Housed LA o L.A. County Mortgage Relief Program.
- Ang pagtanggap sa award na ito ay nagbabawal sa aplikante (o sa kanilang mga ahente) na magsimula o magpatuloy ng mga paglilitis sa pagpapaalis para sa hindi nabayaranang renta na sakop ng award.

Isang Aplikasyon Bawat Unit

- Walang sinumang indibidwal ang maaaring magsumite at magkaroon ng higit sa isang aprubadong aplikasyon para sa parehong unit na pinauupahan.
- Hindi maaaring iisang tao ang Landlord at ang Nangungupahan.

BABALA: KUNG NAKAPAGSUMITE NA ANG ISANG APLIKANTE NG KUMPLETONG APLIKASYON, HUWAG MAGSUMITE NG ISA PANG APLIKASYON PARA SA PAREHONG APEKTADONG UNIT/NANGUNGUPAHAN.

Kung nabigyan ang isang aplikante ng grant sa ilalim ng Programang ito, ang kasalukuyang aplikasyon ay susuriin para sa mga karagdagang hulihan (sa bayarin) sa pagrenta at kung kwalipikado, ay aabisuhan ng Programa. **HUWAG MULING MAG-APPLY.**

Kahulugan ng “Unit”

Tinutukoy ang “unit na pinauupahan” bilang isang residential property na may natatanging address na inuupahan ng mga nangungupahan, gaya ng apartment, condo, single-family house, o mobile home. Ang mga landlord na naninirahan sa pinauupahang ari-arian ay kwalipikado na mag-apply para sa tulong sa mga hulihan (sa bayarin) sa pagrenta ng kanilang nangungupahan.

Mga Pinauupahang Silid

Ang mga landlord na nagpapaupa ng mga indibidwal na silid ay limitado sa \$30,000 bawat unit na pinauupahan na may natatanging address at hindi indibidwal na silid.

Mga Paraan ng Pagbabayad

Ang mga prepaid card o peer-to-peer na account (ibig sabihin, Cashapp, Venmo) ay hindi tinatanggap bilang paraan ng pagbabayad ng award.

Ang mas gustong paraan ng pagbabayad ay ACH. Tinatanggap din ang mga tseke pero maaaring mas matagal kaysa sa ACH bago matanggap ang bayad.

Personal Identification Information (PII)

Maaaring hindi mailipat ang Personal Identification Information mula sa mga nangungupahan o landlord sa pamamagitan ng email.

- Ang lahat ng dokumentasyong sumusuporta sa aplikasyon ay direktang ina-upload ng mga aplikante sa portal ng aplikasyon.

Lahat ng miyembro ng Team ng Pamamahala ng Kaso ay tumatanggap ng pagsasanay sa mga halimbawa ng PII na madalas na ginagamit sa Programa at ang kanilang mga responsibilidad na pangalagaan at protektahan ang pagiging sensitibo ng data na ito.

Pakikilahok ng Nangungupahan

Kakailanganin ng mga nangungupahan na i-validate ang impormasyong ibinigay sa aplikasyon, kabilang ang ngunit hindi limitado sa:

- Pag-verify ng kanilang mga antas ng kita na iniulat sa aplikasyon.
- Pag-validate na sila ay kasalukuyang naninirahan sa apektadong unit (ibig sabihin, ang unit kung saan humihiling ng tulong ang landlord).

Makikipag-ugnayan ang isang kinatawan ng programa sa iyong nangungupahan tungkol sa kulang na impormasyon o dokumentasyon para sa iyong aplikasyon para sa Los Angeles Rent Relief Program. Ang hindi pagtugon ng mga nangungupahan ay maaaring humantong sa pagkaantala sa pagsusuri ng aplikasyon o diskwalipikasyon ng aplikasyon.

Pakitandaan: Limitado ang pagpopondo para sa Programang ito, at ang bilang ng mga aplikante na nakakatugon sa mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado ay maaaring lumampas sa magagamit na mga pondo. Hindi ginagarantiya ang pagpopondo kapag nagsumite ng aplikasyon at/o natugunan ang mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado sa Programa.

Mag-click dito para i-preview ang aplikasyon sa [ENGLISH](#).

Magagawa mong tingnan ang aplikasyon sa mga sumusunod na wika:

- Arabic
- Armenian
- Chinese (Simplified at Traditional)
- Farsi
- Hindi
- Japanese
- Khmer/Cambodian
- Korean
- Russian
- Spanish
- Tagalog
- Thai
- Vietnamese

Mangyaring magpatuloy na tingnan ang www.lacountyrentrelief.com para sa mga update.



Los Angeles County RENT RELIEF PROGRAM



Ang Proseso ng Pagsusuri

Susuriin ng mga Tagapamahala ng Kaso ng Programang ito ang mga sumusunod, ngunit hindi limitado sa, mga bahagi ng impormasyon para matukoy kung ang isang aplikante ay kwalipikado:

- a. Kumpirmahin na ang address ng pinauupahang ari-arian ay nasa loob ng mga heograpikong mga hangganan ng programa (sa loob ng Los Angeles County, maliban sa Lungsod ng Los Angeles.)
- b. I-verify ang pagmamay-ari ng unit na pinauupahan gamit ang dokumentasyon ng aplikante at pag-validate ng third-party.
- c. Kumpirmahin ang pagkakakilanlan at ugnayan sa pagrenta ng nangungupahan.
- d. Kumpirmahin na kasalukuyang inookupahan ng apektadong nangungupahan ang unit.
- e. Kumpirmahin na ang mga hulihan (sa bayarin) sa pagrenta at mga gastos ay natamo noong o pagkatapos ng Abril 1, 2022.
- f. I-validate ang Area Median Income (AMI) ng aplikante at/o nangungupahan.
- g. I-verify ang mga detalye ng pagbabayad at impormasyon ng W9 gamit ang mga mapagkukunan ng third-party.
- h. Kalkulahin ang pagbabayad ng award.

Bilang karagdagan sa pagtukoy sa pagiging kwalipikado ng aplikante, tinitiyak ng proseso ng pagsusuri ng aplikasyon na walang mga dobleng bayad na ibibigay sa pamamagitan ng pagkumpirma sa sumusunod na minimum na pamantayan:

- a. Walang sinumang indibidwal ang maaaring magsumite at magkaroon ng higit sa isang aprubadong aplikasyon para sa parehong unit na pinauupahan.
- b. Hindi maaaring iisang tao ang Landlord at ang Nangungupahan.

Kung kulang ng impormasyon ang aplikasyon at/o kinakailangan ng karagdagang dokumentasyon para makagawa ng rekomendasyon sa pagiging kwalipikado, isang tagapamahala ng kaso ang magpa-follow up sa aplikante gamit ang kanilang gustong paraan ng pakikipag-ugnayan (ibig sabihin, pagtawag o email) at itatalaga ulit ang aplikante sa gawain sa portal ng aplikasyon.

Maaari kang mag-sign in sa portal anumang oras para sa mga status update. Mangyaring sumangguni sa [mga pahina 21-23](#) para sa iba't ibang status ng aplikasyon at kung ano ang ibig sabihin ng mga ito.

Ipinagpatuloy sa susunod na pahina.

Tingnan nang madalas at anumang oras ang iyong portal ng aplikasyon para sa mga status update at mga kaugnay na gawain na nauugnay sa iyong aplikasyon para sa Los Angeles County Rent Relief Grant Program.

Status ng Aplikante	Kung Ano ang Ibig Sabihin Nito
Hindi Naisumite ang Aplikasyon	<p>Sinimulan na ng Landlord ang aplikasyon; gayunpaman, hindi naisumite ang aplikasyon.</p> <ul style="list-style-type: none"> • Maaari pa ring gumawa ang Landlord ng mga pagbabago sa aplikasyon habang isinasagawa ito. Kapag naisumite na ng landlord ang aplikasyon, hindi sila makakapag-edit nang walang tulong ng isang tagapamahala ng kaso.
Naisumite na ang Aplikasyon: Nakabinbing Paghihintay sa Pag-aatas ng Pangkat	Nagsumite na ng aplikasyon ang Landlord at nakabinbin sa bibigyan ng priyoridad.
Naisumite na ang Aplikasyon: Listahan ng mga Naghihintay sa Pangkat 1	Nagsumite na ng kanilang aplikasyon ang Landlord, at batay sa data ng priyoridad ito ay natukoy bilang pangunahing priyoridad.
Naisumite na ang Aplikasyon: Listahan ng mga Naghihintay sa Pangkat 2	<p>Nagsumite na ng kanilang aplikasyon ang Landlord, at batay sa data ng priyoridad ito ay natukoy bilang pangalawang priyoridad.</p> <ul style="list-style-type: none"> • Tutugunan lamang ang mga file ng pangalawang priyoridad kapag nakumpleto na ang mga file ng pangunahing priyoridad.
Naisumite na ang Aplikasyon: Listahan ng mga Naghihintay sa Pangkat 3	<p>Nagsumite na ng kanilang aplikasyon ang Landlord, at batay sa data ng priyoridad ito ay natukoy bilang ikatlong priyoridad.</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nakasalalay ang pagsusuri ng mga file ng ikatlong priyoridad kapag nakumpleto na ang mga kaso ng pangunahin at ikalawang priyoridad.
Naisumite na ang Aplikasyon: Listahan ng mga Naghihintay sa Pangkat 4	<p>Nagsumite na ng kanilang aplikasyon ang Landlord, at batay sa data ng priyoridad ito ay natukoy bilang ikaapat na priyoridad.</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nakasalalay ang pagsusuri ng mga file ng ikaapat na priyoridad kapag nakumpleto na ang mga priyoridad na 1-3.
Pagtanggap ng Aplikasyon para sa Pagsusuri	Isang Tagapamahala ng Kaso ang itinalaga sa file.

Ipinagpatuloy sa susunod na pahina.

Tingnan nang madalas at anumang oras ang iyong portal ng aplikasyon para sa mga status update at mga kaugnay na gawain na nauugnay sa iyong aplikasyon para sa Los Angeles County Rent Relief Grant Program.

Status ng Aplikante	Kung Ano ang Ibig Sabihin Nito
Nakabinbing Karagdagang Impormasyon	Isang Tagapamahala ng Kaso ang humiling ng karagdagang impormasyon at/o dokumentasyon na kulang sa aplikasyon mula sa landlord.
Nakabinbing Karagdagang Impormasyon ng Nangungupahan	Ibinigay ng aplikasyon ng landlord ang lahat ng kinakailangang dokumentasyon; gayunpaman, hindi pa napatunayan ng nangungupahan ang pagiging kwalipikado. Magsasagawa ng pakikipag-ugnayan ang Tagapamahala ng Kaso para sa kulang na impormasyon ng nangungupahan.
Sinusuri ang Aplikasyon	Kasalukuyang nasa ilalim ng pagsusuri ng team ng Pamamahala ng Kaso ang aplikasyon.
Naisumite na para sa Pagbabayad	Itinuturing na kwalipikado ang file para sa award at naisumite na para sa pagbabayad.
Nakabinbin ang Pagbabayad sa Huling Pagsusuri	Kukumpletuhin ang panghuling pagsusuri bago iproseso ang pagbabayad.
Naibigay ang Bayad	Naibigay na sa aplikante ang bayad.
Nakumpleto ang Aplikasyon: Hindi Kwalipikado	Pagkatapos ng kumpirmasyon mula sa team ng Pamamahala ng Kaso, napag-alamang hindi kwalipikado ang file. Ipinapadala ang abiso na hindi kwalipikado ng nangunguna o Tagapamahala ng Kaso, na nagdedetalye ng mga dahilan para sa diskwalipikasyon.
Naisumite na ang Apela	Matapos mapatunayang hindi kwalipikado, bibigyan ang mga aplikante ng opsiyong iapela ang mga dahilan para sa diskwalipikasyon.
Nasa Ilalim ng Pagsusuri ang Apela	Isang Tagapag-ugnay ng Mga Apela ang itinalaga sa file at nagsimulang magsuri.

Ipinagpatuloy sa susunod na pahina.

Tingnan nang madalas at anumang oras ang iyong portal ng aplikasyon para sa mga status update at mga kaugnay na gawain na nauugnay sa iyong aplikasyon para sa Los Angeles County Rent Relief Grant Program.

Status ng Aplikante	Kung Ano ang Ibig Sabihin Nito
Inaprubahan ang Apela	Natukoy ng isang tagapag-ugnay ng Mga Apela na ang file ay kwalipikado pagkatapos suriin ang ibinigay na dokumentasyon ng mga apela. Magpapadala ang tagapag-ugnay ng mga apela ng email ng pag-apruba na nagdedetalye ng mga batayan kung saan naging matagumpay ang inapela ng aplikante.
Tinanggihan ang Apela: Hindi Kwalipikado ang File	Natukoy ng isang tagapag-ugnay ng Mga Apela na ang file ay hindi pa rin kwalipikado.
Hindi Tumutugon	Nagsagawa ng maraming pagtatangka na makipag-ugnayan ang tagapamahala ng kaso pero hindi tumugon ang landlord.
Hindi Tumutugon na Nangungupahan	Nagsagawa ng maraming pagtatangka na makipag-ugnayan ang tagapamahala ng kaso pero hindi tumugon ang nangungupahan.
Doble	May higit sa 1 file ang landlord para sa parehong unit na pinauupahan.
Doble–Nangungupahan	May higit sa 1 file ang nangungupahan para sa parehong unit na pinauupahan.
Binawi	Nakipag-ugnayan ang landlord sa isang tagapamahala ng kaso at sinabing ayaw na niyang lumahok
Ini-refer ang Aplikasyon	Hindi sakop ng Programang ito ang aplikante at makakatanggap sila ng mga external na mapagkukunan mula sa kanilang tagapamahala ng kaso para sa tulong/suporta.

Ipinagpatuloy sa susunod na pahina.



Los Angeles County RENT RELIEF PROGRAM



Ang Proseso ng Apela

Kapag nasuri na ang aplikasyon, gagawa ng desisyon kung ipagkakaloob sa aplikante ang buong halaga ng kanilang kahilingan, bahagyang halaga ng kanilang kahilingan, o ituturing na hindi kwalipikado ang aplikante para sa award.

Pakitandaan: Limitado ang pagpopondo para sa Programang ito, at ang bilang ng mga aplikante na nakakatugon sa mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado ay maaaring lumampas sa magagamit na mga pondo. Hindi ginagarantiya ang pagpopondo kapag nagsumite ng aplikasyon at/o natugunan ang mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado sa Programa.

Maaaring iapela ng isang aplikante ang desisyon sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tagubiling nakalista sa email ng desisyon o sa pamamagitan ng pagkumpleto ng form ng Los Angeles County Rent Relief Program Appeal System sa (ilagay ang link dito) at pagsusumite ng lahat ng dokumentasyong kailangan para suportahan ang kahilingan.

- ISANG apela lang ang maaaring isumite ng aplikante lamang.
- Dapat na isumite ang apela sa programa sa loob ng 30 araw pagkatapos ng abiso sa Pagiging Hindi Kwalipikado.

Kapag matagumpay na naisumite ang apela, susuriin ng mga espesyal na itinalagang miyembro ng team ng Programang ito ang inihaing apela. Tanging ang impormasyong may kinalaman sa dahilan ng apela ng isang aplikante ang susuriin.

Kung kailangan ng karagdagang pakikipag-ugnayan o paglilinaw, isang miyembro ng team ang magpa-follow up sa aplikante gamit ang kanilang gustong paraan ng pakikipag-ugnayan. Kung ibibigay ng aplikante ang hiniling na impormasyon, isasaalang-alang ito sa pagpapasiya ng apela. Dahil kung hindi ibibigay, ang mga dokumento at impormasyon lamang na ibinigay sa oras ng desisyon ng award ang isasaalang-alang. Pagkatapos ng pagsusuri, maaaring Aprubahan o Tanggihan ng isang miyembro ng team ang apela.

Ang pagsusuri sa apela ay ang panghuling pagsusuri ng aplikasyon kapag naisumite na ito sa pamamagitan ng sistema ng mga apela. Ang huling abiso sa katayuan ng apela ay ipapadala sa aplikante at nangungupahan.



Los Angeles County RENT RELIEF PROGRAM



Customer Call Center

(877) 849-0770

Lunes – Biyernes* 8:00 a.m. – 6:00 p.m. PT

Mayo 20 – Mayo 31, 2024

Lunes – Biyernes* 8:00 a.m. – 5:00 p.m. PT

Pagkatapos ng Hunyo 1, 2024

*Maliban sa mga holiday ng estado at pederal

Mga Espesyal na Oras:

Hunyo 3 at Hunyo 4 – 8:00 a.m. – 9:00 p.m.

Mga Quick Link

[Pangkalahatang-ideya ng Programa](#)

[Kinakailangang Dokumentasyon](#)

[Paano Simulan ang Isang Aplikasyon](#)

[Ang Proseso ng Aplikasyon](#)

[Ang Proseso ng Pagsusuri](#)

[Ang Proseso ng Apela](#)